# *JOHN CARLO S. GLORIA*

Kasalukuyang instruktor sa Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila at Departamento ng Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas si John Carlo S. Gloria. Kasama niyang namumuhay ang kaniyang ama at ang mga alaga niyang aso't pusa na paminsan-minsan niyang binabasahan ng mga tula.

# ATRASADO

Dinukot ulit ni Nato ang kumpol ng barya sa bulsa. Inilapit niya ang palad sa mukha para matiyak na tama ang kompyut niya rito, lalo na't naging magkakamukha na ang hitsura ng piso, lima, at sampu. Pangalawang bilang na niya sa natitira niyang barya at nagbabaka-sakaling nagkamali lang siya sa una.

"Buwakanang ina! Kulang talaga!" bulong niya sa sarili habang nag-iisang linya ang kanyang kilay at nakakulubot ang balat sa ilong.

Napapalatak siya't pailing-iling na naisip na ang dating dose pesos na pamasahe sa traysikel ay treinta y singko na ngayon. Dati na niyang inireklamo sa Messenger ng Tricycle Regulation Division ng city hall ang mahal na singil sa kanila pero na-delivered-zoned lang siya. Nabuburyong siyang ni hindi man lang nila nabasa ang linyahan niyang, *"Pancnin niyo 2. Sa gUbyerno Dn aq nagwo-wRk. Kng aLm niO Lng."*



Dinampot niya ang katabing cellphone at nakita niya ang Facebook notification at ilang Message Requests, pero hindi ang inaasahang text. Pinindot niya ang icon ng create message at pinili sa contact list ang pangalang "Robert" at nagsimulang mag-type ng kanyang mensahe.

*"AtraSdo n nmn swLdo?"*

Pagkaraan ng ilang minuto, tumunog ang cellphone ni Nato at nakita niya ang reply ni Robert.

*"Oo, pre. Kung alam ko lang na ganito, di ako nag-resign sa pagka-IT ko sa HSBC."*

*"HRap n q. KuLang pMsahe pRa mkaCngil sa opis."*

*"Kaya nga e. Kung kelan wala nang pandemya, saka pa ganito. Maikli na raw kasi ang pisi ni boss. Tayong mga nasa baba ang ipit."*

*"Tangna! knG aLm ko Lng na gNi2, d n Q nagSvi ng kNg aNu-anO sa FB. TgaL na nTing wLang iSkrip."*

*"Ako nga, tinakwil na ng mga kamag-anak ko dahil dito. Nilunok ko lang dahil akala ko, maganda ang kitaan dito."*

Hindi agad nag-reply si Nato. Kinalma muna niya ang sarili at pinili sa isip ang pinakaangkop na mga salita bago tumipa. Buntong-hininga ang simula bago muling kumilos ang mga daliri niya.

*"Pre, bKa my soBra k jAn. PdaLhan mo nmn aQ sa GCash. Tnx, sobra."*

Binitiwan niya ang cellphone at kakaba-kabang hinintay ang reply ng kausap. Nagtatalo ang kagustuhan niyang tingnan ang telepono at ang pansamantalang pag-iwas dito hanggang sa matanggap ang mensahe ng kausap.

Tumunog muli ang cellphone dahil sa mensaheng natanggap. Sinilip ni Nato at nakita ang reply ng kausap:

*"Pre, alam mo, ito pala ang pinakamasakit na comment na puwede nating matanggap: Don't feed the trolls."*